



# KIAN

# Kumusta Kawasaki



**Ingles, Intsik, Koriya-Tyosen, Espanyol, Potugis, Tagalog, Biyetnam, Taylando, Indonesya, Nepali, Madaling Nihonggo**

Matatagpuan sa HP ng Asosasyon (<https://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>)

(Pampublikong Pundasyon) Pandaigdigang Pakikipagpalitang Asosasyon ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gioncho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa 〒211-0033, Japan

Tel:044-435-7000 Fax:044-435-7010 <https://www.kian.or.jp/> E-mail : [kiankawasaki@kian.or.jp](mailto:kiankawasaki@kian.or.jp)

## Anunsyo ng pagpigil o ipagpalibang Kaganapan

### 1. 2020 Pandaigdigang Pista sa Kawasaki

Ang taunang internasyonal na pagdiriwang na naka-takda para sa ika-5 ng Hulyo ay hindi na matutuloy upang maiwasan ang pagkalat ng bagong impeksyon sa coronavirus.

Nakakalungkot man, ngunit mangyaring asahan sa susunod na taon.

### 2. Pakipag-ugnayan sa pulong ng palitan「Lutuin ng Poland」

Ang Fureai kouryu kai para sa pagtangkilik ng “lutuing Polish” na naka-iskedyul para sa Hunyo 6 ay ipinagpaliban upang maiwasan ang pagkalat ng bagong impeksyon sa coronavirus.

\*\*\*\*\*

### Impormasyon sa bagong impeksyon sa coronavirus

### Sa mga dayuhan na nagtatrabaho sa kumpanya



Sa mga dayuhang manggagawa. Kung dahil sa bagong corona-virus na sakit ay hindi maganda ang kalagayan ng kumpanya, ay hindi nararapat na pakitunguhan ang mga dayuhang manggagawa ng di maganda o masaholpa kaysa sa mga manggagawang Hapon.

1. Kapag pinaliban ang manggagawa para sa kapakanan ng kumpanya ay kinakailangang bayaran ng kumpanya ang **kompisasyong pagpapaliban**(*kyuugyou te-ate*) kapareho ng kabayaranang natatanggap ng mga manggagawang Hapon.
2. Kapag lumiban sa kumpanya dahil ang paaralan ng anak ay sarado, tulad ng isang Hapong manggagawa, maaari gamitin ang iyong taunang paid holiday o(*nenji yuukyuu kyuuka*).
3. Ang mga subsidyo (*Jyoseikin*) na binabayaran sa kumpanya upang maprotektahan ang trabaho ng mga manggagawa ay maaaring magamit para sa mga manggagawa sa bansang Hapon at aplikado rin sa mga dayuhang manggagawa.
4. Hindi maaaring pilitin ng kumpanya ang mga dayuhang manggagawa na tumigil. Kung nais ng isang kumpanya na huminto ang isang banyagang manggagawa, dapat nitong sundin ang parehong patakaran tulad ng isang manggagawang Hapon.

#### Para sa mga katanungan at Kunsultasyon

- Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki Tel:044-455-8811 E-mail [soudan39@kian.or.jp](mailto:soudan39@kian.or.jp)
- I-check ang website ng Bureau of Labor sa Konsultasyong pang Dayuhan (bukod sa nihonggo ay may 8 iba pang wika ) <https://www.check-roudou.mhlw.go.jp/soudan/foreigner.html>

# Ang pangkalahatang mesa ng impormasyon ng Kagawaran ng Kawasaki ay sumusuporta ng wikang Ingles at Intsik (Information Desk)

Mula ng ika-1 ng Abril, ay maaari ng makipag-usap sa wikang Ingles at Intsik sa pangkalahatang mesa sa impormasyon ng Kagawaran ng Kawasaki.

1. Lugar : Kawasaki Ward, 1F Pang-kalahatang impormasyong sentro
2. Araw at Wika :

Oras (8:30-17:15)	Lunes	Martes	Miyerkoles	Huwebes	Biyernes
Ingles	●		●	●	●
Intsik	●	●			●



※ May araw ding walang Ingles at Intsik

※ Para sa mga wika maliban sa Ingles at Intsik, gumagamit kami ng "translator appli" at "isang tablet na nag-uugnay sa sentro ng konsultasyong mesa ng Kawasaki International center para sa mga dayuhan."

3. Nilalamang Tulong

- Impormasyon at mga nilalaman sa mga tanggapan ng kagawaran.
- Mga simpleng konsultasyon sa buhay .Impormasyon sa pangkalahatang pamumuhay tulad ng mga pamamaraan sa administratibo.

※ Maaari nang makita ang mga gabay kung anong kategorya at saang palapag gamit ang touch panel sa 6 na wika.



(Makipag-uganayan) Kagawaran sa Kawasaki Departamento at Dibisyon sa Pagbuo ng lungsod  
Tel.044-201-3123 Fax:044-201-3209

\*\*\*\*\*

## Terakoya para sa mga bata na konektado sa mga dayuhan

Para sa mga bata, na nahihirapan sa mga aralin sa paaralan dahil hindi nila naiintindihan ng mabuti ang wikang Hapon. Mayroong "Terakoya" para sa mga bata na konektado sa mga dayuhang bansa. Isa itong lugar para sa pag-aaral at isang pahingahang lugar upang makatulong na mapabuti ang pagsasalita ng nihonggo at pang-akademikong kakayahan.



Lugar : Kawasaki International Center, Silid ng pagpupulong ng samahan at atbp.

Pinuno : Kawasaki International Center, Terakoya boluntaryo para sa mga bata na konektado sa mga dayuhang bansa

Tanggapan : Kawasaki International Center Tel:044-435-7000 Fax:044-435-7010

※Kasalukuyang sarado para sa pag-iwas sa pagkalat ng COVID.

Makipag-ugnay para sa detalyeng pagbubukas.

\*\*\*\*\*

## Konsultasyon para sa mga dayuhan sa Kawasaki Sentro Pandaigdigang

Maaring makipag-ugnayan kung mayroon kang anumang mga katanungan o pangangailangang tulong.

★Tumatanggap na ng mga konsultasyon sa wikang Tsino mula Abril 1 Lunes ~ Sabado.

★ Mangyaring tandaan na ang sentro ay hindi na tumatanggap ng mga pagsalalin.

• Oras (10:00-12:00, 13:00-16:00)

• TEL: 044-455-8811

Wika	Araw
Ingles	Lunes~Sabado
Portogis	Martes·Biyernes
Korea, Chousen	Martes·Huwebes
Biyetnam	Martes·Biyernes
Indonesiya	Martes·Miyerkoles

Wika	Araw
Intsik	Lunes~Sabado
Espanyol	Martes·Miyerkoles
Tagalog	Martes·Miyerkoles
Taylando	Lunes·Martes
Nepal	Martes·Sabado

\* Libreng konsultasyon sa pamamagitan ng administratibong Taga-sulat(Gyosei Shoshi) (Nihonggo lamang ang wikang pakonsulta kung nais ng taga-salin ay may bayad)

•Petsa: Hunyo 21 (Linggo), Hulyo 19 (Linggo) 14:00~16:00

※Mangyaring tawagan nang maaga dahil maaaring mabago dahil sa COVID-19.

•Lugar: Kawasaki International Center Silid pulungan ng samahan 2F